

Webinar sa panahon ng pandemya: Pananaw at kalagayan ng mga guro

Estera, John Emil ✉

Juban National High School, Philippines (Johnemil.ester@deped.gov.ph)

Received: 14 July 2021

Available Online: 26 November 2021

Revised: 23 September 2021

DOI: 10.5861/ijrse.2021.a021

Accepted: 26 September 2021

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This study aims to identify the condition of the teachers on Webinar on the following: The use of technology, Internet connection and Time; Find out teacher's perspective on webinar according to; content, relation to present condition and the use for teaching; Suggestion for conducting a webinar. Descriptive phenomenological is used in the research. Respondents of this study were selected using purposive sampling. Respondents of this study were from Juban District compose of 1 teacher from Elementary, Junior High School and Senior High School. Questionnaire was used in an interview to gather needed data. This study finds out teachers' condition on webinar according to the use of technology, Internet connection and time. The use of technology, slow internet connectivity and time during webinar have impact on the learning of the participants during webinar. Topics discussed on webinar is timely because this is related to teaching strategies during pandemic. New teaching strategies and learning resources were part of the topics in webinar as important needs in education. The researcher recommends that gadgets such as cellphone, laptop or technologies that are manipulative are to be consider during webinar. Provides a better internet connection and time frame are to consider. Wider information and learning are to be shared and discussed to be use by the teacher in the present condition of Education.

Keywords: webinar, internet connection, technology, COVID-19

Webinar sa panahon ng pandemya: Pananaw at kalagayan ng mga guro

1. Introduksyon

Ang nobelang coronavirus disease (COVID-19) ay idineklara ng World Health Organization bilang isang pang-emergency na pangkalusugan sa publiko. Dahil sa mataas na bilang ng nagkakaroon nito, ang mga bansa sa buong mundo ay nagpatupad ng mga lockdown sa pag-asang masira ang kurba ng epidemya. Sa buong mundo, humantong ito sa pagsara ng mga paaralan sa higit sa 150 mga bansa na nakakaapekto sa edukasyon ng halos 1 bilyong mga bata (Sahu, 2020). Ito ay nagkaroon ng malalim at biglaang epekto sa maraming mga larangan ng buhay; trabaho, oras ng paglilibang at kapwa pamilya. Ang mga pagbabagong ito ay nakaapekto rin sa mga proseso ng pang-edukasyon sa pormal at di-pormal na kapaligiran sa pag-aaral. Ang mga pampublikong institusyon tulad ng mga nangangalaga ng bata, mga paaralan, unibersidad at karagdagang mga tagapagbigay ng edukasyon ay tumigil sa pagtuturo sa onsite at lumipat sa malayong pag-aaral - o ganap na isinara (<https://www.frontiersin.org>).

Sa kasalukuyang kalagayan ng mundo ang iba't ibang antas ng edukasyon ay sumabay din sa pagbabago nito. Ang karamihan ay nagpasyang ang pag-aaral, kumperensya worksyap at iba pang anyo ng mga palihan ay lumayo na din sa tradisyunal na pamaraan. Ang mga webinar ay naging isang malakas na kagamitan ng mga guro upang magbigay ng edukasyon, kaalaman, at pag-aaral. Ayon kina Buxton, Burns, at Muth (2020), ang webinar ay mga presentasyon, lektura, worksyap o mga seminar na ipinadala sa World Wide Web at karaniwang live at interactive. Karaniwang isinasama ng software ng webinar ang mga chat at kakayahang magsagot at magtanong sa mismong oras. Ang webinar ay isang online na kaganapan na naka-host sa pamamagitan ng isang samahan at nai-broadcast sa isang piling pangkat ng mga indibidwal sa pamamagitan ng kanilang mga kompyuter at cellphone sa pamamagitan ng internet.

Ang webinar sa larangan ng edukasyon “ginagamit na sa mahabang panahon, at ang kadalasan ay ginagawa sa maliit na mga grupo na ang lugar ay maaaring mag-alok ng mabilis na koneksyon ng internet.” Tulad ng pagkakaroon ng kakulangan pisikal at pangangailangan kaalamang teknikal, ang mga webinar na ito ay hindi masyadong lumaganap. Kamakailan lamang dahil sa epekto ng pandemya nagkaroon ng pagtaas ng bilang ng mga webinars (Glawat et al., 2020). Kasalukuyan ang mga guro ay nakikilahok sa iilang mga gawain pang-edukasyon sa pamamagitan ng webinar dahil na rin sa pagsunod sa pinalabas na mga kautusan ng Inter Agency Task Force (IATF) na pagbawal sa pagdalo sa maramihang pagtitipon-tipon. Ito rin ay isang karaniwang pamamaraan para sa paghahatid ng edukasyon sa isang mabilis na oras, umuusbong ng mabilis sa mundo kung saan ang mga tao ay hindi na nakakatipon sa isang lugar. Ito ay nagbibigay ng kakayahang umangkop sa paghahatid ng edukasyon. Dahil sa kakulangan ng pakikipag-ugnayan ng harapan sa mga kalahok, ang nagtatanghal ng isang webinar ay nahaharap sa ilang natatanging hamon.

Batay sa mga nakalap na mga ideya itinuturing na napakahalaga ng pag-aaral na ito dahil sa may kapakinabangan ito sa mga sumusunod; sa mga guro, upang magkaroon ng mas malawak na kaalaman patungkol sa webinar. Sa mga naglulunsad ng mga webinar, upang maging mas maayos ang pamaraan at daloy ng mga ito. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang pananaw at kalagayan ng mga guro sa webinar sa panahon ng pandemya.

1.1 layunin ng Pag-aaral

Nilayong malaman ang kalagayan ng mga guro sa webinar ayon sa mga sumusunod: gamit na teknolohiya, *Internet Connection*, at Oras; malaman ang pananaw ng mga guro sa paksa ng webinar; matukoy ang mga mungkahi sa pagkakaroon ng webinar.

2. Pamaraang Ginamit

Deskriptibong penomenolohiyang disenyo ng pag-aaral ang ginamit sa pananaliksik. Ang disenyong ito ay naglalayong magdiskubre, gumalugad at magpaliwanag sa kahulugan o esensya ng isang tiyak na phenomena na binigyang tuon (Pereira, 2012). Ang mga kalahok ng pag-aaral na ito ay pinili gamit ang purposive sampling. Ang napiling kalahok ang presentasyon ng buong populasyon ng pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mula sa distrito ng Juban na binubuo ng isang guro mula sa Elementarya, Junior High School, at Senior High School.

Ginamit ang gabay talatanungan sa panayam upang malikom ang mga kailangang datos. Sinunod sa pag-aaral na ito, ang ilang hakbang: Una ay ang pagbuo ng mga gabay na tanong. Pangalawa, personal na pag-paalam at pakikipag-ugnayan sa mga kalahok. Pangatlo, ang pagbibigay o pagpapadala ng talatanungan sa mga kalahok. Pang-apat, pagsunod sa tamang protokol pangkalusugan sa panahon ng pandemya. Pagkatapos malikom ang mga talatanungan sa mga kalahok, ang mga nakalap na datos ay itrinanskrayb. Idinaan sa masusuing pagsusuri gamit ang thematic analytics upang suriin, alamin, at makagawa ng tema batay sa sagot ng mga kalahok.

3. Mga Natuklasan

Inilahad dito ang ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap ukol sa kalagayan ng mga guro sa gamit na teknolohiya, *Internet Connection*, at Oras. Ang pananaw ng mga guro sa paksa ng webinar. Ang mga mungkahi sa pagkakaroon ng webinar. Nilimi ng pag-aaral ang mga tanong at sinasagot ito alinsunod sa hinihingi ng pananaliksik.

3.1 Kalagayan ng mga Guro sa Webinar ayon sa Gamit na Teknolohiya

Ang mga guro sa karamihan ng mga bansa sa buong mundo ay sumasailalim ng paggsasanay sa pamamagitan ng webinar. Ang pagsagawa ng mga webinar upang sanayin ang mga guro ay maaaring magbigay daan upang matugunan ang mga hamon sa pagtuturo habang sabay na pinipigilan ang pagkalat ng pandemya (Toquero at Talidong, 2020). Teknolohiya ang isa sa mga salik ng edukasyon sa kasalukuyang panahon. Maliban sa mga mag-aaral gumagamit ang mga guro ng teknolohiya upang matuto sa kasalukuyan upang mas lalong matuto at magkaroon ng makabagong kaalamang pang-edukasyon. Batay sa mga sagot sa katanungan ng mga kalahok ipinahayag ang kalagayan ng mga guro sa gamit ng teknolohiya sa webinar sa panahon ng pandemya.

“Cellular Phone at Laptop ito ang aking ginagamit dahil sa ito ang mas madaling gamitin at dalhin” – T1

“Cellphone mas “handy” kahit nasaan pwedeng makalahok basta maayos ang signal sa lugar” – T2

“Ang ginagamit kong teknolohiya sa tuwing dumadalo sa webinar ay smartphone, ito ang aking ginagamit sapagkat ito lamang ang pwedeng magamit sa ngayon” – T3

Sa pinahayag ng mga kalahok malinaw na masasalamang ang kalagayan ng gamit ng cellphone at laptop sa oras ng webinar. Batay sa mga kasagutan ng mga kalahok, ang teknolohiyang ginagamit ng mga guro sa kanilang webinar ay cellphone at laptop dahil mas madali itong gamitin at dalhin. Sa ngayon, ang mga smartphones ay naging bahagi ng buhay ng bawat tao. Ang mga smartphones ang pinakamahalagang kinakailangang pasilidad sa kanilang pang-araw-araw na buhay (Fawareh at Jusho, 2017). Ayon din kina Benidecto et.al (2018), ang teknolohiya ay nakapag-ambag narin sa inaasahang pagbabago sa larangan ng pagkatuto. Ito ay nagbibigay na ng malawak na oportunidad para sa pagkatuto. Malaki ang naibibigay na tulong ng teknolohiya sa mabilisang pagkatuto tulad na lamang kung saan ay maaaring mabitbit lamang ang kanilang cellphone at tablet. Dagdag pa rito nina Ebner at Gegenfurtner (2019), higit sa lahat ang mga webinar ay nag-aalok ng mga digital na

kapaligiran sa pag-aaral na maaaring ma-access ng mga mag-aaral sa lahat ng dako mula sa kahit saan gamit ang mga computer device.

3.2 Kalagayan ng mga Guro sa Webinar ayon sa Internet Connection

Sa panahon ng digital ang internet ay naging isang malakas na kagamitan upang magkaroon ng koneksyon ang tao, impormasyon, ideya, pagkukunan, at serbisyo. Pagkakaroon ng mabagal na koneksyon sa internet, ang mga mamayan ay malamang na hindi magaganyak lumahok sa lipunan ng impormasyon ngayon (Salac at Kim, 2016). Ayon sa pag-aaral ni Desabayla (2021), mabagal na internet connection habang na sa kalagitnaan ng online na edukasyon ay nauuwi sa mahirap na pag-unawa sa aralin. Bukod dito, kailangan nilang maghanap ng lugar upang magkaroon lamang ng matatag na koneksyon ng internet. Sa pag-aaral sa online, ang paulit-ulit na mga problema sa pagkokonekta sa internet ay lumilitaw bilang isang lantarang hamon na kinakaharap (Dridi, Radhakrishnan, Moser-Merce, at DeBoer, 2020). Ayon din sa mga sagot ng mga kalahok:

Ang kondisyon ng internet connection sa aming lugar ay mahina – T1

Mahina, sobrang bagal na nakakaapekto sa pakikinig ng bawat kalahok – T2

Ang kondisyon ng internet connection naming ay mabagal – T3

Ayon sa ulat ni Aminbar (2020) ng Trending New in Net ang mga guro mula sa Sto. Niño National High School sa Batangas City na umaakyat sa bubong ng paaralan para makakonekta sa internet dahil mahirap makakuha ng wifi at mobile data signal sa paaralan dahil liblib ang lugar. Ang pagkakaroon ng mabagal na koneksyon ng internet ay makakaapekto sa di-magandang antas ng pagkatuto at pagkakaunawaan sa aspektong komunikasyon. Malaki ang ambagin ng internet connection sa maayos na pagbibigay ng kaalaman sa mga kalahok ng webinar.

Mayroong iba't ibang mga kadahilanan kung bakit maaaring bumagal ang iyong internet sa gabi. Ang mga bagay tulad ng hindi napapanahong mga kagamitan ay maaaring mag-ambag ngunit kadalasan, ito ay isang kaso ng maraming gumagamit sa bahay ng network. Tulad ng dami ng mga taong gumagamit ng internet data para sa mga mabibigat na aktibidad tulad ng streaming entertainment, gaming, video conferencing at pag-download ng malalaking file, sa gayon tumataas ang pangangailangan para sa napakalaking dami ng bandwidth (*What Is Network Congestion?*, n.d.).

Ang mahinang network at seguridad ng internet ay ilan sa mga hamon sa edukasyon sa online (Khatai at Bhatta, 2020). Ayon din kina Qui at Olugbenga (2020), pinatunayan na ang kakulangan ng internet bandwidth ay isa sa mga hamon sa edukasyon sa online. Tulad ng sinabi ni Rehman (2020), ang teknolohiya na walang pagkapatany-pantay sa lahat ay hindi hahantatong sa mahusay na pag-aaral. Ayon kay White (2019), ang pag-asa sa isang mabagal na koneksyon ng broadband ay maaaring gawing mahirap ang proseso at nakakabigo sa kalahok ng webinar.

3.3 Kalagayan ng mga Guro sa Webinar ayon sa Oras

Ang pagkatuto ay pinaka-epektibo kapag ang utak ay nasa antas ng pagtamo, karaniwang sa pagitan ng 10:00 am hanggang 2:00 ng hapon (Wilding, 2017). At ang ruok na oras ng paggamit ng internet ay sa pagitan ng 6 ng umaga at 11 ng gabi. Karaniwang tapos na ang mga tao sa trabaho o gawaing pampaaralan sa oras na ito, na nagbibigay sa kanila ng mas maraming libreng oras upang gugulin sa internet (Holslin, 2021). Karamihan at madalas sa mga dinaluhang mga webinar ng mga kalahok ay idinaraos tuwing umaga, batay sa mga kasagutan:

“Alas-otso ng umaga – umaabot sa lima hanggang anim na oras” – T1

“Umaga ang dinadaluhang mga webinar, 3 hanggang 5 oras ang ginugol sa mga webinar na nadaluhan” – T3

Ang karamihan ng mga webinar ay halos 60 minuto. Sa pangkalahatan ay bibigyan ka nito ng sapat na oras para sa tatlong seksyon ng sesyon: 5-7 minuto para sa mga pagbati at pagpapakilala. 38-45 minuto para sa tunay na pagtatanghal. 10-15 minuto para sa mga katanungan sa dulo (*What Is the Best Length for a Webinar*, n.d.). Ayon sa isinulat ng Chron Contributor (2021), ang mga webinar ng pang-edukasyon at pagsasanay, lalo na ang para sa mga empleyado, ay maaaring mas mahaba kaysa sa mga webinar ng publiko o ng paanyaya. Ang pagsasanay at mga webinar na pang-edukasyon ay maaaring tumagal ng hanggang 90 minuto. Pag-isipang mag-alok ng pahinga sa gitna ng webinar para sa mga kalahok. Sa haba ng mga webinar kadalasan ay hindi na nakikinig ang mga dumadalo, ayon sa kasagutan;

“...minsan sa haba ng webinar ay hindi na ako masyado nakikinig at nawawalan na ng gana” – T2

“Masyadong mahaba ang mga nilalaman ng webinar” – T3

Ang kasagutang ito ay nagpapahiwatig lamang na ang haba ng webinar ay nagreresulta ng pagkawalang gana ng mga kalahok makinig. Kung ito ay masyadong mahaba, ang mga kalahok ay maaaring iwanan ang virtual na pagpupulong. Sapagkat ang mga kalahok ay mayroong maikling atensyon kaya sapamamagitan ng pagpapanatili ng mga bagay na maikli at pagbibigay ng oras para sa mga katanungan at pahinga, kung kinakailangan. Ayon sa *Advanced Webinar Tips to Engage Your Audience* (n.d.), ang karaniwan na *attention span* ng may sapat na gulang ay bumaba mula 12 segundo hanggang 8.25 segundo mula pa noong 2000. Dahil nasanay sa maraming gawain sa buong araw ng trabaho, maaaring maging mahirap na manatiling nakatuon sa isang paksa. Totoo ito lalo na sa mga presentasyon tulad ng mga webinar.

“Umaga, 4 na oras, pero kadalasan “naglolong” dahil mahina ang koneksyon ng internet “ – T2

Batay sa ulat noong 2016 nina Salac at Kim (2016), ang pangunahing kadahilanan para sa mabagal na imprastruktura ay nagsasangkot ng paghihirap sa heograpiya, bureaucratic procurement, at monopolisasyon ng koneksyon. Dahil ang Pilipinas ay isang archipelago, ang pagpatayo ng mga cell tower para sa pagkakakonekta sa loob ng mga isla ay mas mahirap kaysa sa pag-install sa isang rehiyon sa loob ng isang mas malawak na lupain. Kaya’t nagkakaroon ng mabagal at minsan ay pagkawala ng koneksyon batay sa sagot ng kalahok.

3.4 Pananaw ng mga Guro sa Paksa ng Webinar

Sa paglitaw ng COVID-19 pandemya sa pagtatapos ng 2019 at pagsisimula ng mga kumperensya sa 2020, at ang mga kaganapan ay nakansela na upang limitahan ang pagkalat at bawasan ang panganib ng mga bagong umusbong ng virus sa halip ang mga webinars ay kumalat sa buong mundo bilang isang pang-edukasyon nakagamitan na walang peligro ng mga komunikasyon (Mossa, E., Mohammad, A. at Alahmady, H., 2020). Ayon kay Rao (2019), Ang pangunahing layunin ng pagsasagawa ng mga webinar ay upang matulungan ang madla na mapagbuti ang kanilang kaalaman at i-update ang kanilang mga kasanayan sa pamamagitan ng pag-input ng pinakabagong mga diskarte at pamamaraan na nauugnay sa kani-kanilang larangan. Ang UNESCO ay nag-sagawa ng mga lingguhang webinar mula noong Marso 2020 at sumaklaw sa isang hanay ng mga paksang nauugnay sa pang-edukasyon na sukat ng COVID-19 pandemya, mula sa pagkakapantay-pantay at kasarian hanggang sa malayo ang mga diskarte sa pag-aaral, pagkakakonekta, muling pagbubukas ng mga paaralan, mga isyu sa kalusugan at ang epekto sa pandaigdigang campus ng mas mataas na edukasyon (*Webinars on COVID-19 Education Response*, n.d.). Sa larangan ng pang-edukasyon ang mga nilalaman ng mga webinars ay may kaugnayan sa mga pamaraan sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Batay sa mga kasagutan ng mga kalahok mapapansin na:

“Madalas ay nakapokus ang mga nilalaman ng webinar sa mga pamamaraan ng pagtuturo sa panahon ng pandemya” – T1

“Kapaki-pakinabang, at napapanahon ang mga paksang tinatalakay” – T2

Batay sa pag-aaral ni Alestre (2016), ang mga guro ay may pananagutan sa kanilang propesyonal na pag-unlad sa pamamagitan ng mga pagsasanay at mga seminar na maaaring maging malaking tulong upang mapagbuti at mapagunlad ang kalidad ng pagtuturo at edukasyon ibinigay sa mga mag-aaral. Ang mga guro ay kailangan dumalo sa mga webinars na may pakinabangan sa larangan ng edukasyon upang magkaroon ng karagdagang kaalaman at kakayahan upang malampasan ang hamon ng pagkatuto ng panahon.

Ang mga programa ng pagsasanay ng mga guro at pag-unlad ng propesyonal ay may pangunahing kahalagahan sa anumang institusyong pang-edukasyon, maging sa elementarya, high school o kahit na sa antas ng unibersidad. Ang mga guro sa lahat ng antas ay kailangang sanayin na may kaugnay sa kanilang mga larangan at paksa upang maging batayan kung nais nilang baguhin ang kanilang mga paniniwala, ugali at pang-araw-araw na kasanayan sa pagtuturo. Ito ay tutulong sa mga guro na patalasin ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo at palalimin at pagbutihin ang kanilang kaalaman sa paksang kanilang itinuturo, at samakatuwid ay mapabuti ang pag-aaral ng mga mag-aaral at edukasyon sa mga paaralan. Para sa positibo at kapaki-pakinabang na pagbabago, dapat mayroong pagkakahanay sa pagitan ng kurikulum at mga aktwal na karanasan ng mga guro sa pagtuturo (Boudersa, 2016).

3.5 Mungkahi sa Pagkaroon ng Webinar

Ang pagtuturo sa kasalukuyang panahon ay nagkaroon ng mas malawakang pagbabago dahil na rin sa kasalukuyang kinakaharap ng mundo, umusbong ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Upang magkaroon ng kaalaman ang mga guro ay nagkaroon ng iba't ibang paraan upang matuto at maging handa sa hamon, ayon kina Polanco at Merino (2011), ang isang programa sa pagsasanay para sa mga guro, na gumagamit ng mga blog at webinar upang mapagbuti ang mga kakayahan ng pagtuturo upang itaguyod ng makabuluhang ang pagkatuto sa kanilang mga mag-aaral. Ang pagbibigay ng mga halimbawa at pagkukunang ng maaaring magamit sa pagtuturo sa kasalukuyan ang kinakailangan maibigay sa mga kalahok na guro ng isang pang-edukasyon na webinar batay sa mga kasagutan ng mga kalahok:

“Mas mabuting magbigay sila ng mga halimbawa ng kanilang itinuturo at maari din silang magpakilala o magturo pa ng iba pang makatutulong ngayong pademya” – T1

“..... Magkaroon ng mga sample activities. I-limit lamang sa kaunting oras bawat araw. Ibahagi ng mga iba pang source o mga sanggunian na pwedeng magamit ng mga guro” – T3

Ayon kina Suffian at Rahman (2010), ang kaalaman tungkol sa pagpili at paggamit ng mga halimbawa ay kailangang ilantad at isagawa sa pagsasanay ng guro at ang mga nagsasanay ay kailangang mailantad at sanayin. Upang lalong magkaroon ng maayos na ideya patungkol sa mga paraan kailangan ang ibinibigay na mga halimbawa ay matutunan at malaman bago isagawa at may maibigay na mga halimbawang maaaring maging batayan ng mga kalahok. Ngunit kailangan pagtandaan na gumawa ng mga pamamaraan para sa pagpapanatili at pagkuha ng pansin ng mga mag-aaral o taga-pakinig sa webinar (White 2019).

4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa mga nalikom na datos, natuklasan ang mga sumusunod: Ang kalagayan ng mga guro sa webinar batay sa gamit na teknolohiya, *Internet Connection*, at oras. Ang gamit na teknolohiya, mabagal na koneksyon ng internet at oras ng mga webinar ay may malaking epekto sa pagtamo ng kaalaman ng mga kalahok sa webinar. Ang mga paksain tinatalakay sa mga webinar napapahon dahil ang mga ito ay patungkol sa mga pamaraan sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Magbahagi ng mga halimbawa at sanggunian ng mga pamaraan ng pagtuturo na kinakailangan ng bagong edukasyon.

Inirerekomenda ang sumusunod: Ang mga kagamitang katulad ng cellphone, laptop o mga teknolohiyang madaling gamitin ang maging lundayan ng mga webinar. Pagkaroon ng mas maayos na koneksyong ng internet at pagsaalang-alang ng oras at haba ng webinar. Maging mas malawak ang mga ibinabahaging mga

kaalaman o impormasyon na maaaring magamit ng mga guro sa estado ng edukasyon sa kasalukuyan. At laging napapanahon ang mga inilulunsad at mga dinadaluhang mga webinar.

5. Talasanggunian

- Adminbar (2020, October 08). Umakyat sa bubungan ng paaralan ang mga guro sa batangas upang makasagap ng wi-fi para sa online class! *Trending New in Net*.
<https://trendingnewsinnet.com/2020/10/08/umakyat-sa-bubungan-ng-paaralan-ang-mga-guro-sa-batangas-upang-makasagap-ng-wi-fi-para-sa-online-class/>
- Advanced Webinar Tips to Engage Your Audience*. (n.d.). PGI Resources. Retrieved July 14, 2021, from <https://www.pgi.com/resources/articles/advanced-webinar-tips-to-engage-your-audience/>
- Alestre, L. M. (2016). The meaning of trainings and seminars to public school teachers: Some stories to tell. *International Journal of Advancements in Research & Technology*, 5(8), 44–54.
- Benedicto, J. M., Lagman, C. J., Longcop, J., Kinilitan, R., Malibiran, M., Rulloda, R., Sermona, R. (2018). *Ang paggamit ng multimedia sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang ng Manipis Integrated School Taong Panuruan 2017-2018 [Di-Limbag na Pananaliksik]*. Senior High School. Mnipis Integrated School.
- Boudersa, N. (2016). The importance of teachers' training programs and professional development in the Algerian educational context: Toward informed and effective teaching practices. *Expériences Pédagogiques*, 1.
- Buxton, E. C., Burns, E. C., & Muth, J. E. (2012). Instructional design and assessment professional development webinars for pharmacists. *American Journal of Pharmaceutical Education*, 76, 155.
<https://doi.org/10.5688/ajpe768155>
- Chron Contributor. (2021, April 27). The optimal length of a webinar. *Chron*.
<https://work.chron.com/optimal-length-webinar-14635.html>
- Desabayla, R. R. (2021). *Students' perspective on online education during COVID-19 pandemic: A case study* [Di-Limbag na Pananaliksik]. Sorsogon State College.
- Dridi, M. A., Radhakrishnan, D., Moser-Merce, B., & DeBoer, J. (2020). Challenges of blended learning in refugee camps: When internet connectivity fails, human connection succeeds. *International Review of Research in Open and Distributed Learning*, 21(2), 250-263. <https://doi.org/10.19173/irrodl.v21i3.4770>
- Ebner, C., & Gegenfurther, A. (2019). Learning and satisfaxtion in webinar, online, and face-to-face instruction: A meta-analysis. *Frontiers in Education*, 4, 92. <https://doi.org/10.3389/feduc.2019.00092>
- Fawareh, H. M. A., & Jusoh, S. (2017). The use and effect of smartphone in higher education. *IJIM*, 11, 6.
<https://doi.org/10.3991/ijim.v11i6.7453>
- Ghalawat, S., Parmar, S., Kumar, R. Kaushal N., Goyal, M., & Kmar, R. (2020). Factors influencing webinars effectiveness among faculties of Haraya, India. *Wutan Huatan Jisuan Jishu Jornals*, 16(10), 607-615.
<https://doi.org/10.37896/whjj16.10/316>
- Holslin, P. (2021, June 21). *This is why your internet slows down at night*. High Speed Internet.
<https://www.highspeedinternet.com/resources/why-does-my-internet-slow-down-at-night>
- Khatai, K., & Bhatta, K. (2020). Challenges of online education during COVID-19 Pandemic in Nepal. *International Journal of Entrepreneurship and Economic Issues*, 4(1), 45-49.
<https://doi.org/10.32674/ijeei.v4i1.45>
- Mossa, E., Mohammad, A., & Alahmady, H. (2020). On line webinars during time of COVID-19: Does it increase the clinical and surgical skills of egyptian ophthalmologists? *Journal of Clinical Research and Ophthalmology*, 75-80. <https://doi.org/10.17352/2455-1414.000076>
- Pereira, H. R. (2012). Riguor in phenomenoligcal research: Reflections of a novice nurse researcher. *Nurse Researcher*, 19(3). <https://doi.org/10.7748/nr2012.04.19.3.16.c9054>
- Polanco, R. & Merino, I. L. (2011, March). *Blog and webinar as distance significant learning building tools: A global learning experience for higher education professors*. Paper presented at the 6th International Technology, Education and Development Online Conference.

- Qiu, A., & Olugbenga, M. (2020). Prospects and challenges of online education in secondary schools in Northern Nigeria. *Journal of American Academic Research*, 8(1), 78-83.
- Rao, P. (2019). *The influence of webinars in developing teaching skills of the English language teachers: A comprehensive study in Elt.* <https://doi.org/10.33329/rjelal.74.370>
- Rehman, A. U. (2020). Challenges to online education in Pakistan during COVID-19 and the way forward. *AIJR Reprints*, 1-12. <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.17222.70726>
- Sahu, P. (2020). Closure of universities due to Coronavirus Disease 2019 (COVID-19): Impact on education and mental health of students and academic staff. *Cureus*, 12(4), e7541. <https://doi.org/10.7759/cureus.7541>
- Salac, R. A., & Kim, Y. S. (2016). Study on the internet connectivity in the Philippines. *Asia Pacific Journal of Business Review*, 1(1), 67-88. <https://doi.org/10.20522/APJBR.2016.1.1.67>
- Suffian, H., & Rahman, S. (2010). Teacher's choice and use of examples in the teaching and learning of mathematics in primary school and their relations to teacher's pedagogical content knowledge (PCK). *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, 8, 312-316. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2010.12.043>
- Toquero, C. M., & Talidong, K. (2020). Webinar technology: Developing teacher training programs for emergency remote teaching amid COVID-19. *Inter Disciplinary Journal of Virtual Learning in Medical Science*, 11(3), 2-5. <https://doi.org/10-30476/ijvlms.2020.86889.1044>
- Webinars on COVID-19 education response.* (n.d.). UNESCO. Retrieved July 15, 2021, from <https://en.unesco.org/covid19/educationresponse/webinars>
- What is network congestion?* (n.d.). Verizon. Retrieved July 14, 2021, from <https://www.verizon.com/info/internet-congestion/>
- What is the Best Length for a Webinar?* (n.d.). Brightedge. Retrieved July 14, 2021, from <https://www.brightedge.com/glossary/optimal-webinar-length>
- White, A. (2019, January 10). *Reflections on the use of webinar technology for teaching.* HAL Id: Hal-01976364. <https://hal.archives-ouvertes.fr/hal-01976364/document>